

# FUMIGATION TENTING NA PAMPESTE

## Paano protektahan ang inyong sarili

**Kung isasailalim ninyo sa tenting at fumigation ang tahanan o ari-arian ninyo para sa anay o iba pang peste, makakagawa kayo ng hakbang para mapababa ang tsansa ninyo na malason ng mga kemikal na ginagamit sa fumigation.**

Sa pagitan ng 2003 at 2017, **11 tao ang namatay matapos pumasok sa loob ng mga fumigation tent** sa California.

### **HUWAG PUMASOK SA FUMIGATION TENT!**

Karamihan sa mga reklamo ng pagkakasakit dahil sa fumigation ay kaugnay ng **mga tao na nalantad matapos na ma-clear ang tahanan o gusali sa muling pagpasok nila.**

*Simbahan na natatakpan ng asul at dilaw na fumigation tent*



Taun-taon, libo-libong tahanan ang napu-fumigate para sa anay o iba pang peste sa California. Ang structural fumigation, tinatawag ding "tenting" o "whole house fumigation," ay ginagawa ng Structural Pest Control Operators (SPCOs). Ginagamit ang toxic gas na tinatawag na sulfuryl fluoride para kontrolin ang mga surot, anay, at iba pang pesteng sumasalakay sa mga gusali. Walang amoy ang kemikal, pero nakapipinsala ng inyong ilong, mata, lalamunan, at baga. **Sa sapat na dami, nagiging sanhi ito ng pagkahilo, pagsusuka, kombulsyon, at pagkamatay.** Bukod sa sulfuryl fluoride, isa pang toxic chemical, chloropicrin, ay ginagamit na "warning" agent. Nakakahilam ang chloropicrin sa mata, ilong, lalamunan, at baga at "binabalaan" kayo na may mapanganib na kemikal.

Pagkatapos ng fumigation, susukatin ng SPCO kung mababa sa kinakailangang antas ng nakalalasang kemikal ang nasa loob ng bahay bago papasuking muli ang mga tao sa kanilang tahanan. Pero maaaring may maiwang sulfuryl fluoride sa mga espasyo gaya ng mga saksakan sa dingding, silong, kabinet, at mga espasyo sa air mattress at iba pang kasangkapan sa bahay. Mailalantad dito ang mga tao sa nakalalasang kemikal kahit pa napatunayan ng SPCO na ligtas na ang isang gusali. **Masusundan ninyo ang mga hakbang sa ibaba para maprotektahan ang inyong sarili na malantad sa nakalalasang kemikal na ginagamit sa fumigation.**



### Buod ng mga Pagkalantad at Karamdaman

- 59 karamdaman na nai-report sa CA Department of Pesticide Regulation (2003-2014)
  - 86 tao ang naapektuhan
  - 7 ang namatay dahil pumasok sa tolda ang mga tao habang isinasagawa ang fumigation
- 1291 mga tawag sa Poison Control (2010-2016)
  - 65% ang nakaapekto sa kalusugan
  - 30% ang kinasangkutan ng mga batang edad 0-19 taon

*Bahay na natatakpan ng ilang pula at dilaw na fumigation tent.*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa sulfuric fluoride fumigation at buod na nasa itaas: [www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC6603922/](http://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC6603922/)

## MGA HAKBANG PARA PROTEKTAHAN ANG INYONG SARILI SA MGA KEMIKAL NA GINAGAMIT SA FUMIGATION

### Bago gawin ang fumigation:

- Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa inyong County Agricultural Commissioner's (CAC) Office at hilingin na pumunta ang county inspector para masubaybayan ang clearance process, na ginagawa pagkatapos ng fumigation. Makikita ninyo ang contact information sa inyong CAC sa [www.cdpr.ca.gov/exec/county/documents/countycommissionersealercontactinfo.pdf](http://www.cdpr.ca.gov/exec/county/documents/countycommissionersealercontactinfo.pdf). Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa CAC Office para sa mga alalahanin tungkol sa kasaysayan ng Structural Pest Control Operators's (SPCO).
- Humingi sa SPCO ng mga tala na nagpapakita na mahusay na gumagana ang mga instrumentong ginamit sa clearance process. Tinatawag itong "calibration" at dapat gawin taun-taon.
- Tingnan itong website para malaman kung ang Structural Pest Control Operators (SPCOs) sa lugar ninyo ay may parusang administratibong sibil: [www.cdpr.ca.gov/docs/enforce/admnacts/cvlpnlty.htm](http://www.cdpr.ca.gov/docs/enforce/admnacts/cvlpnlty.htm). Makikita dito ang mga multang binayaran ng mga SPCO dahil sa paglabag nila nitong nakaraang dalawang at makakatulong sa inyong matukoy ang mga alalahanin na mapag-uusapan ninyo ng SPCO bago gawin ang fumigation.
  - Mababasa ang mga paliwanag sa paglabag sa code violations sa [www.cdpr.ca.gov/docs/enforce/admnacts/citsec.pdf](http://www.cdpr.ca.gov/docs/enforce/admnacts/citsec.pdf).
- **Bilang karagdagang pag-iingat, pag-isipang alisin sa bahay ang inyong kutson at kagamitan sa pagtulog bago gawin ang fumigation.** Mangyari ay hindi natin alam kung paano naiiwan at sumisingaw ang sulfuric fluoride mula sa ilang materyal gaya ng memory foam na ginagamit sa mga kutson at iba pang kasangkapan.

## Pagkatapos ng fumigation at clearance:

- **Magbigay ng karagdagang para sa pagpapahangin ng inyong bahay nabukas ang mga bintana, bago okupahan muli.** Nasukat pa rin ang sulfuryl fluoride sa mga bahay 48 hours pagkaraan ng clearance.
- **Humingi sa SPCO ng dokumentasyon na eksaktong nagpapakita kung saan at ilan ang pagsusuring ginawa sa bahay ninyo sa oras ng clearance process (ang mismong lokasyon, taas, at antas na sinukat).** Dapat kunan ng sukat ang mga espasyong walang laman gaya ng mga cupboard, drawer, closet, at iba pang nakasaradong lugar na puwedeng mayroon pang sulfuryl fluoride. Itago ang dokumentasyong ito para sa pansariling rekord.
- **Kapag may naamoy kayo sa pagbalik sa bahay, umalis agad** at kontakin ang inyong CAC Office. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa SPCO at humiling ng karagdagang testing para sa sulfuryl fluoride at chloropicrin (ang warning agent) bago bumalik sa tahanan.
- **Kung kayo o sinuman sa pamilya ninyo ang may sintomas sa kalusugan pagkabalik sa bahay, kasama ang ubo, nag-iinit na lalamunan o nahilam na mata, iritasyon sa paghinga, o pagduduwal pagkauwi sa bahay, magpatingin sa inyong tagabigay ng serbisyo sa kalusugan sa lalong madaling panahon.** Maaari silang magsumite ng report ng karamdamang sanhi ng pestisidyo sa California Department of Pesticide Regulation (CDPR), na may sariling proseso ng pag-follow up.